## SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Ano ang sinasabi ng talata tungkol sa plano ng Diyos sa mga bansa (Salmo 22:27,28; 67:1,2; 98:2,3; Isaias 11:9; Pahayag 5:9)?
- Anong bansa ang iyong ipinapanalangin? Anong saktong bagay ang ikinababahala mo at itinataas mo sa panalangin?
- May hangad ka ba na maglakbay upang magmisyon ng panandalian (o pang matagalan)? Aling bansa at bakit?

## NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Papaano tayo magiging kabahagi ng pag-abot sa ibang bansa sa pamamagitan ng panalangin?
- Anong bansa o mga bansa ang may kabigatan sa iyo na ipanalangin?
- Papaano ka magiging kabahagi na abutin ang mga bansa sa mga panahon na ito (manalangin, magbigay, magmisyon)?

## PRAYER

- Ayon sa Joshua Project (www.joshuaproject.net) 43% pa sa pangkalahatang populasyon ng mundo ang kailangang maabot ng ebanghelyo. Ipanalangin natin na ang mga misyonero ay maabot ang mga bansa at mga pangkat ng mga tao at nawa'y tanggapin nila ang ebanghelyo.
- Ipanalangin natin ang ating pagtatatag ng iglesiya sa pamamagitan ng pagsusumikap ng pagmiministeryo ng Every Nation.
- Hilingin sa Diyos na maging sensitibo tayo sa Kanyang panawagan na makibahagi na kung paano natin aabutin ang ibang bansa.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO




# Mga Kailangan sa Paglalakbay

Week 1

## NOTES

## CONNECT

- Kung makakapunta ka sa anumang bahagi ng mundo para magliwaliw, saan ka pupunta?
- Kung hihilingin sa Diyos na bahugin ang isang probema ng mundo sa panahong ito, ano ito at bakit?
- Ano ang mga bagay na sa iyong paglalakbay ay hindi maaaring iwanan ngunit ito ay mga kinakailangang dalhin? Magbigay ng tatlong mahahalagang bagay at ipaliwang kung bakit.

## WORD

**[6]"Pagpapalain ko rin ang mga dayuhang nag-alay ng sarili nila sa akin para paglingkuran ako, mahalin sambahin, at sumusunod sa aking ipinapagawa sa Araw ng Pamamahinga at tumutupad sa aking kasunduan. [7]Dadalhin ko sila sa aking banal na bundok at aaliwin doon sa aking templong dalanginan. Tatanggapin ko sa aking altar ang kanilang mga handog na sinusunog at iba pang mga handog, dahil ang templo ko'y tatawaging templong dalanginan ng mga tao mula sa lahat ng bansa."**

**Isaias 56:6,7**

## WHAT *What does the Bible say?*

Nais ng Diyos ang Kanyang tirahan—Kanyang tahanan—hindi lamang tulad ng isang lugar na kung saan ang mga Hudyo ay nagkakatipon sa pananambahan lamang ngunit bilang isang tahanan ng panalanginan din para sa mga bansa. Kahit noon pa man ang puso ng Diyos ay hindi lamang sa isang bansa ngunit sa mga tao sa iba't-ibang bansa at ang Kanyang mga tagasunod ay napabahagi at naglaan sila ng panahon sa panalangin. Ano ang nangyayari kapag ang mga tao ng Diyos ay nanalangin?

- **Tayo ay nakapaglilingkod sa kalooban ng Diyos kapag tayo ay nanalangin.**

  *Nawa'y magsimula na ang inyong paghahari, at masunod ang kalooban n'yo rito sa lupa tulad ng sa langit.*

  Mateo 6:10

  Kapag tayo ay nananalangin, maaari tayong magministeryo at sumamba habang nag-aantay sa Diyos. Ating pinaglilingkuran ang Kanyang mga layunin sa pag-angkin ng Kanyang Salita tulad ng ating pananalangin at ito ay natutupad sa buhay ng mga tao (Salmo 33:10-12). Anong tiyak na bahagi sa Salita ng Diyos ang iyong ipinanalangin sa mga sandaling ito?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Tayo ay nasisiyahan sa presensiya ng Diyos kapag nanalangin.**

  *Sa halip, kung mananalangin kayo, pumasok kayo sa inyong kwarto at isara ang pinto. Doon kayo manalangin sa inyong Ama na hindi nakikita. At ang inyong Ama na nakakakita sa ginagawa n'yo nang lihim ang magbibigay ng gantimpala sa inyo.*

  Mateo 6:6

  (Basahin din ang Mateo 6:5,7-15.)

  Ang panalangin ay hindi isang paulit-ulit lamang na mekanikal na pagkabisado o ritwal na panlupa, ngunit ito ay paggugol ng panahon sa presensiya ng Diyos, pakikinig, at pakikipag-usap sa Kanya. Sa presensiya ng Diyos may siglang namamagitan sa ugnayan Niya sa atin (Salmo 16:11, Kawikaan 15:8, Mateo 6:6). At kapag tayo ay nakiisa sa panalangin sa Kanyang kalooban, nakikibahagi tayo sa Kanyang gawa. Papaano ito nangyayari (1 Timoteo 2:1-4, Jeremias 29:7, Roma 10:1)?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Tayo ay namamagitan  para sa kaligtasan ng mga bansa kapag tayo ay nanalangin.**

  *Hilingin mo sa akin na ibigay ko sa iyo, ang mga bansa sa buong mundo upang mapasaiyo.*

  Salmo 2:8

  Hangad ng Diyos na ang lahat ng tao ay maligtas at malaman ang katotohanan (2 Pedro 3:9, 1 Timoteo 2:4) at bilang iglesiya Niya, tayo ang Kanyang mga paa at mga kamay sa mundo at kasama dito ang pagiging tahanan ng panalangin sa lahat ng mga bansa. Ang bersikulo na ito ay nagpapahiwatig na ang iglesiya ay dapat maging lugar ng panalanginan sa mga bansa, na kung saan ang iba't-ibang lahi ay malayang   tttttsumamba sa Diyos ng sama-sama. Ano ang maaari nating ipanalangin sa mga bansa?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________